# Pag-unawa sa Mga Hindi Aktibong Account at Mga Account ng Taong Pumanaw na

## Ano ang hindi aktibong account?

Tinutukoy ng karamihan sa mga bangko ang mga savings account, current account, at iba pang uri ng deposit account bilang hindi aktibo kapag wala nang aktibidad ang mga account na iyon maliban sa mga transaksyong ginagawa ng bangko (gaya ng mga interes at pagsingil) pagkalipas ng natukoy na tagal ng panahon.  Nag-iiba-iba ang tagal ng panahong ito depende sa bangko, pero karaniwan itong nasa 6 na buwan o higit pa. Kung minsan, nagbubukas ang mga tao ng mga bank account, panandaliang nagdedeposito ng pera, at pagkatapos, naiiwan nilang hindi aktibo ang mga account na ito nang hindi nila namamalayan, o di kaya ay nahahayaang bumagsak sa zero o sa balanseng pang-maintain (nominal value) ang balanse sa account sa halip na isara ito.

## Bakit hindi kanais-nais ang isang hindi aktibong account?

### Walang saysay na bayarin

- Ang mga hindi aktibong account ay nagdudulot ng hindi epektibong paggamit ng pera.  Nagpapataw ng maliit na singil ang karamihan sa mga bangko para sa mga hindi aktibong account. Kung hindi mo pormal na isasara ang account, posibleng patuloy itong singilin ng mga bayarin na kakailanganin mong bayaran sa bangko mo.

### Pagkasuspinde ng ilang serbisyo

- May ilang bangko na hindi na magbibigay ng ilang serbisyo sa mga may-ari ng mga hindi aktibong account, gaya ng serbisyo sa ATM.

### Panganib sa panloloko

- Kung ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga hindi aktibong account na nasa talaan ng bangko ay hindi na napapanahon at hindi mo naabisuhan nang nasa oras ang iyong bangko tungkol dito, hindi ka makakaugnayan ng bangko at posibleng patuloy na ipadala ang

iyong mga statement/abiso sa iyong lumang address o numero sa pakikipag-ugnayan, na maaaring mabasa ng ibang tao. Maaari mo ring mapalampas ang mahahalagang abiso at mensahe ng bangko. Dahil wala ka nang masyadong motibasyon sa pagsubaybay sa mga aktibidad ng mga hindi aktibong account, posibleng hindi ka na masyadong maging alerto sa pagsubaybay ng mga transaksyon at pag-aayos ng mga statement. Dahil dito, may mas malaking posibilidad na hindi mapansin agad ang mga hindi awtorisadong transaksyon. Palaging abisuhan kaagad ang iyong bangko kapag may mga pagbabago sa iyong personal na impormasyon. May ilang bangko na magpapataw ng mga paghihigpit sa mga hindi aktibong account para maprotektahan ang iyong mga interes.

**Paano maiiwasan ang pagkakaroon ng hindi aktibong account?**

**Isara ang mga hindi kinakailangang account**

- Suriin kung anong mga bank account ang mayroon ka. Pormal na isara ang anumang account na hindi mo na kailangan. Tiyaking matutukoy at maipapawalang-bisa ang lahat ng mga nakaiskedyul na pagbabayad at mga awtorisasyon sa direktang pag-debit bago isara ang iyong (mga) account. Dapat ay i-download at itabi mo rin ang anumang elektronikong statement ng account para sa iyong mga talaan bago ang pagpapasara.

**Kumilos pagkatanggap ng abiso mula sa bangko**

- Inaatasan ang mga bangko na bigyan ka ng paunang abiso sa loob ng 14 na araw kapag naiipon na ang mga singil sa isang hindi aktibong account sa unang pagkakataon at payuhan ka sa maaari mong gawin upang maiwasan ang mga singil. Kaya naman, huwag kalimutang basahin ang sulat o mga abiso mula sa bangko at kumilos nang nararapat kapag may ibinigay na abiso. Mangyaring tiyakin na updated ang iyong personal na impormasyon na nasa talaan ng bangko para wala kang mapalampas na anumang mahalagang abiso.

**Ano ang dapat mong gawin kung posibleng nakalimutan o hindi mo ma-access ang iyong mga account?**

Bumisita sa isang branch ng bangko at dalhin ang mga dokumento ng iyong

pagkakakilanlan (hal., Hong Kong Identification Card) o di kaya, tawagan ang hotline ng serbisyo sa customer ng bangko. Sisikapin ng mga bangko na tulungan kang tingnan kung mayroon kang anumang (mga) account sa kanila pagkatapos nilang mapatunayan ang iyong pagkakakilanlan.

**Ano ang account ng taong pumanaw na?**

Ang account ng taong pumanaw na ay isang account na pagmamay-ari ng isang taong namatay na.

**Bakit mahalagang abisuhan ang mga bangko tungkol sa pagpanaw ng may-ari ng account?**

Mahalagang abisuhan kaagad ang mga bangko upang ma-freeze nila ang mga account ng taong namatay upang maprotektahan ang interes ng mga potensyal na may-ari o benepisyaryo ng ari-arian ng namatay. Ifi-freeze ang mga account ng taong pumanaw na habang naghihintay ng karagdagang pangangasiwa ng Personal na Kinatawan (pakitingnan ang kahulugan ng Personal na Kinatawan sa talata sa ibaba). Mangyaring dalhin sa bangko ang orihinal o certified na kopya ng Sertipiko ng Kamatayan ng taong pumanaw upang ma-update ang status ng account nang sa gayon ay mapigilan ang mga hindi awtorisadong tao na makialam sa ari-arian ng pumanaw.

**Sino ang maaaring mangasiwa sa mga bank account ng mga taong pumanaw na?**

Ang taong responsable sa pangangasiwa ng ari-arian ng pumanaw ay karaniwang tinatawag na 'Personal na Kinatawan', na siyang alinman sa pinangalanang tagapagpatupad sa huling habilin ng pumanaw o tagapangasiwa na pinakamalapit na kamag-anak, o registrar ng Korte o mga creditor ng pumanaw alinsunod sa kung sino ang pangunahing prayoridad ayon sa batas sa intestacy kapag walang huling habilin. Sa pangkalahatan, ang Personal na Kinatawan ay may kapangyarihan na pangasiwaan ang natatanging ari-arian ng pumanaw, gaya ng pamamahala at pagpapamahagi ng mga nauugnay na asset sa mga benepisyaryo.

**Anong mga dokumento ang kailangang makuha ng Personal na Kinatawan bago niya mapangasiwaan ang mga asset ng pumanaw?**

Kailangang makakuha ng Pahintulot sa Pagkatawan (Grant of Representation) mula sa Probate Registry ng Mataas na Hukuman ng Hong Kong Special Administrative Region para sa pangangasiwa ng ari-arian ng taong pumanaw na nagkakahalaga ng mahigit HK$50,000. Ang Pahintulot sa Pagkatawan ay nagsisilbing patunay ng karapatan ng isang tao na pamahalaan ang ari-arian ng taong pumanaw. Kung may matuklasang anumang mga karagdagang asset o liability ang Personal na Kinatawan kasunod ng pagkuha ng Pahintulot sa Pagkatawan mula sa Probate Registry, posibleng atasan ang Personal na Kinatawan na baguhin ang Iskedyul ng Mga Asset at Liability na nakapaloob sa Pahintulot sa Pagkatawan kapag ang mga asset na kasama sa pangangasiwaang ari-arian ng pumanaw ay hindi pa saklaw sa iskedyul na iyon. Para sa aplikasyon para sa isang Pahintulot sa Pagkatawan, mangyaring makipag-ugnayan sa Probate Registry.

Kung ang ari-arian ay nagkakahalaga ng wala pang HK$50,000, at binubuo lamang ito ng pera, maaaring mag-apply ang Personal na Kinatawan ng pumanaw para sa isang Abiso ng Kumpirmasyon (Confirmation Notice) mula sa Kagawaran ng mga Usaping Panloob sa halip na kumuha ng Pahintulot sa Pagkatawan. Para sa mga detalye ng aplikasyon para sa Abiso ng Kumpirmasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Kagawaran ng mga Usaping Panloob (Yunit ng Suporta sa mga Benepisyaryo ng Ari-arian).

**Anong mga dokumento ang kailangang ipakita sa bangko para sa pangangasiwa ng account ng taong pumanaw na?**

Posibleng mag-iba-iba ang mga kailangang dokumento ayon sa bangko. Sa pangkalahatan, iaatas na dalhin ng Personal na Kinatawan sa branch ng bangko ang mga sumusunod na dokumento:

- Orihinal na Pahintulot sa Pagkatawan (Grant of Representation) na ibinigay ng Mataas na Hukuman / Orihinal na Abiso ng Kumpirmasyon (Confirmation Notice) na ibinigay ng Kagawaran ng mga Usaping Panloob

- Mga orihinal na dokumento ng pagkakakilanlan ng Personal na Kinatawan
- Mga orihinal na dokumento ng pagkakakilanlan ng pumanaw
- Orihinal o certified na kopya ng Sertipiko ng Kamatayan ng pumanaw

**Ano ang dapat mong gawin kung naghahanap ka ng (mga) account ng isang taong pumanaw na? Makakatulong ba ang Samahan ng mga Bangko ng Hong Kong (Hong Kong Association of Banks, HKAB)?**

Walang impormasyon ang HKAB tungkol sa mga indibidwal na bank account at hindi ito nagsisilbing mga tagapamagitan para sa mga kasapi nitong bangko para sa mga usaping nauugnay sa mga espesipikong bank account.

Mangyaring direktang makipag-ugnayan sa mga nauugnay na bangko upang malaman kung may anumang account ang taong pumanaw sa mga bangkong iyon. Sa pangkalahatan, kakailanganing ibigay ang mga sumusunod na dokumento:

- Orihinal o certified na kopya ng Sertipiko ng Kamatayan ng pumanaw
- Mga orihinal na dokumento ng pagkakakilanlan ng pumanaw
- Mga orihinal na dokumento ng pagkakakilanlan ng taong nagtatanong tungkol sa account
- Orihinal na patunay ng kaugnayan sa pagitan ng taong nagtatanong tungkol sa account at ng taong pumanaw (hal., sertipiko ng kasal para sa mga asawa, sertipiko ng kapanganakan para sa mga magulang/anak)
- Orihinal na huling habilin ng taong pumanaw, kung mayroon

Kung nahihirapan ka sa pagkuha ng mga kinakailangang dokumento, mangyaring makipag-ugnayan sa mga bangko upang matalakay kung ano pa ang maaari mong gawin at sisikapin ng mga bangko na tulungan ka.